



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-13 ng Setyembre, 2018
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

KAILANGAN NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN PARA SA ELEKSYON SA IKA-6 NG NOBYEMBRE

Ang mga Bilingguwal na Manggagawa sa Botohan ay Kailangang-Kailangan

Ang mga manggagawa sa botohan, lalo na roon sa mga bilingguwal sa kahit ano sa anim na espesipikong wika, ay kinakailangan para sa Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay inatasan ng Pederal na Batas na maglagay ng mga bilingual speakers at mga materyales sa pagboto para sa mga botante na nagsasalita ng Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese. Bilang karagdagan, isang survey na isinagawa ng Unibersidad ng California, Berkeley ang nagpakita ng pangangailangan para sa mga nagsasalita ng Arabic at Korean sa hindi lalampas sa 90 mga presinto sa buong county, kaya ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagrerekrut din ng mga manggagawa sa botohan na bilingguwal sa mga wikang iyon para sa eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre.

Upang maging isang manggagawa sa botohan, ang mga aplikante ay dapat na isang mamamayan ng Estados Unidos at nakarehistrong bumoto sa California, o legal na tinanggap para permanenteng manirahan sa Estados Unidos. Ang mga manggagawa sa botohan ay dapat mayroong transportasyon papunta sa kanilang itinalagang lugar ng botohan, may akses sa internet upang magawa ang online training at pumunta sa dalawang-oras na klase nang personal.

Ang mga manggagawa sa botohan ay makakatanggap ng stipend mula \$100 hanggang \$175 depende sa trabaho at ang mga bilingguwal ay makakatanggap ng karagdagang \$15 kung sila ay naatasang magbigay ng tulong sa wika sa mga botante.

Ang mga inaasahang manggagawa sa botohan ay maaring mag-aplay online sa www.sdvote.com. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o mag-email sa pollworker@sdcounty.ca.gov.

###

COUNTYNEWSCENTER  